Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

T-20 (Fuzeon, enfuvirtide)

Huling binago noong March 2005

Bakit binigyan ako ng gamot na T-20?

- Ang T-20 (tinatawang ding Fuzeon o enfuvirtide) ay bagong gamot para sa mga may HIV/ AIDS.
- Ang T-20 ay kasali sa bagong uri ng mga gamot laban sa HIV na tinatawag na “fusion inhibitors”. Ginagamit itong kasama ng ibang gamot laban sa HIV infection.
- Ang T-20 ay dumidikit sa protinang nasa bungad ng HIV na tinatawag na gp41. Ang protinang ito ay tumutulong sa HIV para dumikit at pumasok sa ibang cells. Sa pamamagitan ng pagharang sa gp41, pinipigil ng T-20 ang HIV sa pagpasok at paglipol sa malulusog na cells.
- Ang paggamit nito ay nakababawas sa bilang ng virus sa katawan. Nababawasan din ang posibilidad na magkaroon ng AIDS-related na mga sakit at nakatutulong na manatiling malusog ang katawan o maibalik ang dating kalusugan. Nababawasan din nito ang pagkasira ng immune system.

Paano ginagamit ang gamot na ito?

- Ang T-20 ay pulbos (powder form) na nakalagay sa maliit na bote na kailangang ihalo sa sterile (malinis na tubig) at gawing pang-ineksyon. Nakukuha ito sa 106 mg/3.5 ml na bote. Matapos ihalo ito sa tubig, kailangan itong inumin sa loob ng 24 na oras.
- Itago ang T-20 sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.
- Ang T-20 ay kadalasang iniiniksyon ng 90 mg dalawang beses maghapon na may pagitang 12 oras. Kailangan itong iiniksyon sa ilalim ng balat (subcutaneous).
- Ang T-20 ineksyong ay kailangang ihanda ng ayon sa sumusunod:
  - Tiyaking nakahanda ang lahat ng gagamitin: Kasama rito ang: T-20 sa bote, sterile na tubig, malinis na hiringgilya at karayom, bulak na may alkohol at lalagyan para pagtapunan ng mga karayom pagkatapos mag-iniksyon.
  - Hugasan ang mga kamay at ilagay ang lahat ng kagamitan sa malinis na patungan.
  - Linisin ng bulak na may alkohol (alcohol swab) ang ibabaw ng mga bote.
  - Maglagay ng 1.1 cc ng sterile sterile na tubig sa malinis na karayom at hiringgilya.
  - Itusok ang hiringgilya ng sterile na tubig sa bote ng T-20.
  - Itapon ang karayom sa ligtas na lalagyan.
  - Paghaluin ang T-20 powder at tubig. Pagulungin o tapikin ang bote. Huwag itong kakalugin. Aabut ng 2 o 5 minuto bago matunaw ang pulbos sa tubig at maging solution na puwedeng panginiksyon.
  - Gumamit ng bagong karayom at hiringgilya at kumuha ng 1 cc ng T-20 solution.
  - Alisin ang mga bula sa loob ng hiringgilya sa pamamagitan ng pagtapik-tapik dito hanggang sa umakyat ang bula sa itaas na bahagi ng hiringgilya, at palabasin ang bula sa karayom.
  - Pumili ng parte ng katawan para iniksyunan (huwag sa huling nainiksyonan). Linisin ito ng bulak na may alcohol (alcohol swab) bago mag-iniksyon.

Paano kung nalimutan kong mag-iniksyon?

- Kaagad mag-iniksyon sa sandaling maalala. Kung ang susunod na iniksyon ay sa loob na lamang dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang iniksyon.
- Para maging mabisa ang mga gamot, ito'y kailangang inumin nang regular. Dahil sa paglaktaw, maaring mawalan ng bisa nito at ang virus ay mag-iba, o mag-iba ng anyo at magkaroon ng panlaban sa gamot.

Anu-ano ang mga side effects ng T-20?

- Ang pinakapangkaraniwang side effect ng T-20 ay reaksyon sa lugar na iniiniksyunan, tulad ng pamumula, pamamaga o pananakit. 60% ng mga gumagamit ng T-20 ay nagkakaroon nito. Ang reaksyon ay kadalasang gumagaling sa loob ng dalawang araw pero maaaring umabot ng 3 linggo bago ito tuluyang mawala. Kadalasan ay bahagya lamang ang reaksyon at hindi nangangailangang itigil ang gamot. Kung minsan, may mga taong nagkakaroon ng bukol sa ilalim ng balat (nodules) o abscesses (infection).
- Kasama sa mga iba pang side-effects: lagnat, pananakit ng ulo, hindi matulog, pagtatate, pananakit ng tiyan, pagsusuka, pagkahilo, mabilis na pagtibok ng puso (palpitation), pagkapagod at pangingiba ng kulay ng balat.
- Pambihira lamang na magkaroon ng pneumonia. Kapag inuubo, nahihirapang huminga, may lagnat o pananakit ng dibdib, tumawag agad sa doktor.

Dahil ang T-20 ay bagong gamot, ang kaligtasan ng paggamit nito ng mahabang panahon ay hindi pa tiyak.

Kung nakakaranas ka ng mga side effects nito, tumawag sa iyong dokto o parmasyutika at pagusapan ang mga sintomas mo. Huwag itititigil ang gamot hangga't hindi nakakausap ang doktor o parmasyutika, may maaari silang ipayo kung paano pangangalagsan ang mga side effects ng hindi itinitigil ang gamot.

Puwede bang isama ang T-20 sa ibang gamot?

- Ang T-20 ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang ipaalam sa doktor o parmasyutika kung anu-anong *prescription* at *non-prescription drugs* ang iniinom mo (gayundin ang mga bitamina at herbs).
- May mga gamot na hindi maaring inumin ng mga taong gumagamit ng T-20 habang kasali sa clinical trials. Kasama rito ang Interlukin 2 (IL-2), Interferons, Ampligen, mga bakuna sa HIV, mga bagong gamot laban sa HIV na kasalukuyang pinag-aaralan, St. John's wort at hydroxyurea.

Puwede bang inumin ang T-20 kung umiinom ng alak o gumagamit ng street drugs?

- Ipinapayong iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs kung gumagamit ng T-20. Ang mga ito ay maaaring mag-interact sa mga gamot. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil lamang gusto ng uminom ng alak o street drugs.

Puwede ba akong gumamit ng T-20 kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Ang kaligtasan sa paggamit ng T-20 sa habang buntis, sa pagpapasuso at sa mga bata, ay hindi pa alam sa kasalukuyan. Sumangguni sa doktor tungkol sa paggagamot kung buntis o nagbabalak na magbuntis.

- Ang HIV ay nalilipat mula sa gatas ng ina, kaya ang pagpapasuso ay hindi ipinapayo sa mga babaeng may HIV.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman o pag-ingatan kung gumagamit ng T-20.

- Magpatingin sa doktor ng regular para suriin ang dugo.
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang T-20 ay hidi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagkahawa sa HIV. Laging mag-ingat sa pakikipag-sex (gumamit ng condom), o pagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.